Addendum sa 2019 na Bersyon ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2020

Ang ating mga plano sa outreach at edukasyon para sa Nobyembre 3, 2020, sa Pangkalahatang Halalan ay tutugon sa mga bagong pagbabago sa batas at sa sa COVID-19, kasali na ang:

- Pagbawas mula 11 araw hanggang 4 na araw inilaan sa pagboto sa mga sentro ng pagboto.
- Mga gawaing pangkalusugan at pangkaligtasan na ipinapatupad sa ating mga sentro ng pagboto na dinisenyo upang panatilihing ligtas ang mga manggagawa at botante ayon sa mga pamantayan ng kalusugan ng estado at bansa.
- Ang mga botante ay maaaring kumilos upang tiyakin na sila'y makaboboto at ligtas na maibalik-ang kanilang balota.
- Kakailanganing karagdagang saklaw sa wika para sa edukasyon at outreach sa ilalim ng seksyon ng California Elections Code 14201.

Nakalista sa ibaba ang numero ng pahina at mga lokasyon ng talata para sa mga binago o idinagdag.

Pahina 1 – Ang huling talata sa ilalim ng heading na "Mga Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo" ay aamyendahan upang mabasa tulad ng sumusunod

Maaaring humiling ang isang nakarehistrong botante ng pamalit na balota sa pamamagitan ng telepono, email, fax o sa aming website hanggang isang linggo bago ang Araw ng Halalan. Dahil sa COVID-19, nais naming hikayatin ang mga botante na gamitin ang orihinal nilang Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Kung hihingin ng botante, magbibigay ng isang elektronikong pamamaraan para makakuha ang mga botante ng pamalit na balota sa halip na magpakita nang personal. Upang matugunan ang mga kahilingan, gagawing available sa lahat ng botante ang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na Maa-access nang Malayuan (Remote Accessible Vote By Mail, RAVBM).

Pahina 2 – Pagdagdag sa sumusunod na Talata na direkta sa ilalim ng heading na "Operasyon sa Sentro ng Pagboto."

Dahil sa COVID-19, idinagdag ang Magbibigay ng Personal na Gamit Pamprotekta (Personal Protective Equipment, PPE) sa bawat Sentro ng Pagboto. Kasama rito ang mga mask, guwantes, hand sanitizer, face shield, sneeze guard, pagkuha ng temperatura at pagpapatupad ng social distancing. Lilimitahan ang bilang ng botanteng papayagan sa loob ng bawat Sentro ng Pagboto upang matugunan ang mga alituntunin ng social distancing.

Pahina 2 – Pag-amyenda sa pangalawang talata sa ilalim ng heading na "Operasyon ng Sentro ng Pagboto" upang mabasa tulad ng sumusunod.

Dahil sa COVID-19, isasara ang 10-araw na Sentro. Magiging kumpleto ang operasyon ng lahat ng Sentro ng Pagboto simula sa Sabado bago ang halalan.

Pahina 3 – Naamyendahan ang graph sa itaas ng pahina tulad ng ipinapakita sa ibaba dahil sa mga pansamantalang pagbabago sa kodigo ng halalan na ginawa para sa halalan sa Nobyembre 2020.

Araw Bago ang Eleksyon	Numero ng mga Nakarehistrong Botante Kada Sentro ng Pagboto	Mga Sentro ng Pagboto na Kinakailangan ng Kodigo	Sentro ng Pagboto na Naa-access ng Publiko
3	10,000	8	9

Pahina 3 – Ang listahan ng Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto ay naamyendahan sa sumusunod dahil sa pagkawala ng dalawang lokasyon.

Papalitan ang Simbahan ng Komunidad ng CrossWalk ng
Kolehiyo ng Napa Valley – Performing Arts Building
2277 Napa-Vallejo Hwy
Napa, Ca 94558

Papalitan ang Tahanan ng mga Beterano ng Yountville ng
Sentro ng Komunidad ng Yountville
6516 Washington St
Yountville, Ca 94599

Pahina 10 – Ang listahan ng Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto ay naamyendahan sa sumusunod dahil sa pagkawala ng dalawang lokasyon. Ang lahat ng Sentro ng Pagboto ay magiging 4 na araw na Sentro ng Pagboto.

Papalitan ang Simbahan ng Komunidad ng Crosswalk ng:
Kolehiyo ng Napa Valley – Performing Arts Building
2277 Napa-Vallejo Hwy
Napa, Ca 94558

Papalitan ang Tahanan ng mga Beterano ng Yountville ng:
Sentro ng Komunidad ng Yountville
6516 Washington St
Yountville, Ca 94599